

Fact Sheet: California Paid Family Leave para sa Mga Kapamilya na Miyembro ng Militar

Ang California Paid Family Leave (PFL) ay nagbibigay ng bahagyang kapalit na sahod kapag kailangan mong lumiban sa trabaho para sa kung ano ang pinakamahalaga – pamilya. Para sa mga pamilya ng mga miyembro ng militar, nangangahulugan ito na maaari kang magbigay ng suporta habang nakatalaga sa ibang bansa ang isang kapamilya.

Ano ang Itinuturing na Pagtatalaga?

Ang pagtatalaga ay inilalarawan bilang nasasaklaw na aktibong duty, isang pagtawag o, abiso sa nalalapit na nasasaklaw na aktibong duty, o isang pagliban para sa pagpapahinga at pagpapagaling mula sa nasasaklaw na aktibong duty.

Ano ang Nagkakwalipikang Kaganapan?

Ang isang nagkakwalipikang kaganapan ay anumang pangmilitar na kaganapan o isang mahalagang pangangailangan bunga ng militar na pagkakatalaga sa ibang bansa ng isang kapamilya. Para sa PFL, ang pangmilitar na kaganapan ay hindi kailangang mangyari sa California. Kabilang sa mga nagkakwalipikang kaganapan:

- Nagsasaayos para sa pangangalaga ng bata o pangangalaga ng magulang sa panahon ng pagkakatalaga.
- Tumutulong sa paggawa ng mga legal o pinansiyal na kaayusan sa panahon ng pagkakatalaga.
- Dumadalo sa counseling.
- Tumutulong sa miyembro ng militar sa panahon ng pagliban para sa pagpapahinga at pagpapagaling.
- Dumadalo sa mga kaganapan o pagdiriwang na itinataguyod ng militar.
- Kinakatawan ang miyembro ng militar sa mga pederal, pang-estado, o lokal na kaganapan.
- Tinutugunan ang mga isyu dahil sa pagkamatay ng miyembro ng militar.

Maaaring gawin kahit saan ang pagliban para sa pagpapahinga at pagpapagaling kung makakapagbigay ka ng mga utos para sa iyong kapamilya na miyembro ng militar na nagpapakita sa pagliban para sa pagpapahinga at pagpapagaling.

Sino ang Kwalipikado?

Upang maging kwalipikado para sa mga kabayaranang benepisyo, kailangan kang:

- Lumiban sa trabaho para makilahok sa isang nagkakwalipikang kaganapan dahil sa militar na pagkakatalaga sa ibang bansa ng isang kapamilya. Ang isang kapamilya ay isang asawa, nakarehistrong kinakasama, magulang, o anak.
- Nakapagtrabaho sa California at nagbayad sa State Disability Insurance (SDI) (nakasulat sa halos lahat ng paystub bilang "CASDI") sa nakaraang 5 hanggang 18 buwan.
- Hindi nakakuha ng maximum na 8 linggo ng PFL sa nakaraang 12 buwan.

Hindi nakaaapekto sa pagiging kwalipikado ang katayuan sa pagkamamamayan at imigrasyon.

Ang mga PFL na pagbabayad ng benepisyo para sa pagtulong sa militar ay nakalaan lamang sa mga kwalipikadong miyembro ng pamilya upang lumahok sa mga nagkakwalipikang kaganapan. Ang mga PFL na pagbabayad ng benepisyo para sa pagtulong sa militar ay hindi nakalaan para sa mga miyembro ng militar.

Magkano ang Matatanggap Ko para sa PFL?

Maaari kang makatanggap ng 70 hanggang 90 porsyento ng iyong lingguhang sahod mula sa PFL. Maaari kang payagan ng iyong employer na gamitin ang leave para sa bakasyon, dahil sa sakit, para sa bayad na pagliban, o iba pa bukod sa mga benepisyo ng PFL upang makatanggap ng hanggang 100 porsyentong suweldo. Tanyahin ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo gamit ang Disability Insurance and [Paid Family Leave Calculator](#) ([edd.ca.gov/PFL_Calculator](#)).

Kailangan Ko Bang Kunin ang Aking Mga Benepisyo nang Sabay-sabay?

Maaaring ubusin ang PFL sa isang pagkakataon o hatiin sa loob ng 12 buwan.

Paano Ako Mag-aaplay?

Maaari kang mag-aaplay para sa mga benepisyo sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F) online o sa pamamagitan ng koreo.

Para mag-aaplay online, bisitahin ang [myEDD](#) ([myedd.edd.ca.gov](#)). Piliin ang SDI Online

Para mag-aaplay sa pamamagitan ng koreo:

- Humiling ng papel na claim sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-238-4373.
- Mag-order ng papel na claim online sa [EDD Forms and Publications](#) ([edd.ca.gov/forms](#)).
- Kumuha ng papel na claim sa pamamagitan ng pagbisita sa [Contact SDI](#) ([edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm](#)) para sa listahan ng mga lokasyon ng mga opisina malapit sa iyo.

Magsumite ng iyong claim nang hindi lalampas sa 41 araw pagkatapos mong simulan ang iyong pagliban na pampamilya. Huwag mag-file bago ng iyong unang araw ng pagliban.

Anong Impormasyon ang Kailangan Ko Para Mag-aaplay?

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, kailangan mong ibigay ang:

- Pangalan ng iyong employer.
- Petsa kung kailan mo gustong magsimula ang iyong claim (unang araw ng pagliban na pampamilya).
- Binayarang sahod (kung mayroon man), at huling araw ng trabaho. (Bahagi A ng papel na PFL form.)
- Sertipikasyon ng Pagtulong sa Militar (Bahagi E ng papel na PFL form.)
- Sumusuportang dokumentasyong pangmilitar, gaya ng katibayan ng nasasaklaw na aktibong duty o pagtawag para sa nasasaklaw na aktibong duty at dokumentasyong sumusuporta sa nagkakwalipikang kaganapan.

Ang EDD ay isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad. Mayroong mga pantulong na aid at serbisyo na nakalaan para sa mga indibidwal na may kapansanan kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o mga alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses). Para sa mga user ng TTY, tumawag sa California Relay Service sa 711.